JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

# PAGSUSURI SA DULOG COGNITIVE POETICS SA PAGTUTURO NG PILING AKDA SA FILIPINO SA BAITANG SIYAM

**Joana J. De Leon**
Filipino Teacher
General Emilio Aguinaldo National High School, Division of Imus City
Imus City, Cavite, Philippines
Email: joanajulian.deleon@deped.gov.ph

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang epekto ng dulog cognitive poetics sa pagkatuto ng panitikang Filipino sa Baitang Siyam, partikular sa aplikasyon ng estratehiya sa pagtuturo, sa kabisaan nito sa silid-aralan, sa saloobin ng mga mag-aaral, at sa papel nito sa pagbibigay ng makabuluhan, masining at personal na pandama sa binasang akda. Ginamit ang kwalitatibong deskriptibong disenyo na may penomenolohikal na elemento, kung saan kalahok ang limang (5) seksyon ng mga mag-aaral sa Baitang Siyam at limang (5) guro sa Filipino bilang tagamasid, mula sa General Emilio Aguinaldo National High School, na pinili sa pamamagitan ng convenience sampling. Kasangkapan sa pananaliksik ang banghay-aralin, worksheet, talatanungan para sa panayam, replektibong gawain at dyornal, na sinuri sa pamamagitan ng deskriptibong pagsusuri ng nilalaman. Natuklasan sa pag-aaral na epektibo at makabuluhan ang paggamit ng dulog cognitive poetics sa pagtuturo ng piling akda sa Filipino sa Baitang 9, lalo na sa pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa teksto. Sa tulong ng mga pangkatang gawain at ng mga nabalidong worksheet, nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong suriin ang akda gamit ang mga konsepto ng cognitive deixis, cognitive grammar, conceptual metaphor, at discourse worlds. Sa pamamagitan nito, naging mas malinaw sa kanila ang pananaw ng mga tauhan, ang ugnayan ng mga pangyayari, ang kahulugan ng mga metapora, at ang kontekstong panlipunan at emosyonal na nakapaloob sa akda. Ang paglalapat ng dulog na ito sa banghay-aralin at sa mga replektibong gawain ay naghatid ng mas interaktibo, mapanuri, at makabuluhang karanasan sa pagkatuto na nagpalalim sa interpretasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga akdang pampanitikan. Sa kabuuan, inirerekomenda ng pag-aaral na isama ang dulog ng cognitive poetics sa pagtuturo ng panitikang Filipino upang mapalakas ang analitiko, malikhain at personal na sukat ng pagkatuto at pagpapahalaga sa panitikan.

**Mga Susing Salita:** *cognitive poetics, panitikang Filipino, malikhaing pagpapahayag*

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**INTRODUKSYON**

Ang pagtuturo ng panitikan sa asignaturang Filipino ay hindi dapat manatiling simpleng pagsasalaysay ng nilalaman; kinakailangan nito ang mga dulog na makapagpapalalim sa pagsusuri at makapagpapatibay ng koneksiyon ng mag-aaral sa akda (Chua, 2023; Fauzia et al., 2025). Sa lokal na konteksto, ipinakita ng ulat ng Department of Education (2020), batay sa PISA 2018 National Report, na kabilang ang Pilipinas sa mga bansang may pinakamababang antas ng pag-unawa sa pagbasa, at marami sa mga mag-aaral ang nahihirapang suriin ang mahahabang teksto at ang mga kritikal na ideya sa panitikan. Bagaman idiniin ng DepEd Matatag Curriculum ang pundasyon ng pangkasanayan at ang pagtuturo ng kontekstuwal at makabuluhang akdang pampanitikan, kulang pa rin sa aktuwal na implementasyon ang malinaw na gabay sa mga estratehiyang gagamitin sa pagtuturo ng panitikan sa lokal na antas. Idinagdag pa nito ang hamon na dulot ng mabilis na paggamit ng mga mag-aaral sa artificial intelligence at sa paghahanap ng agarang sagot sa halip na masusing pagbasa, na humahadlang sa malalim na pagsusuri ng akda.

Sa pandaigdigang larangan, kinikilala ang kahalagahan ng mga kognitibo at emosyonal na dimensyon sa pag-unawa sa panitikan. Binigyang-diin ni Kintsch (2021) na ang komprehensyon ay isang aktibong prosesong kognitibo, samantalang idiniin naman ni Gibbs (2021) ang papel ng metapora sa pag-unawa ng wika, at ipinakita ni Miall (2022) na mahalaga ang emosyon ng mambabasa sa interpretasyon ng teksto. Gayunpaman, ang mga lokal na pag-aaral ay higit na nakatuon sa pangkalahatang kasanayan sa pagbasa kaysa sa tuwirang aplikasyon ng cognitive poetics bilang dulog sa pagtuturo. Layunin ng cognitive poetics — isang interdisiplinaryong pananaw na naglalapat sa pagsusuri ng panitikan gamit ang mga konseptong cognitive deixis, cognitive grammar, conceptual metaphor, at discourse worlds (Stockwell, 2002) — na ilantad ang mental na proseso ng mambabasa habang siya ay nagbabasa, nag-iisip, at nakararanas ng sining. Ipinakita ni Majeed at Al-Saadi (2020) na nakatutulong ang dulog na ito sa pagtuturo ng tula sa pamamagitan ng paggamit ng metapora para sa estetiko at makabuluhang pag-unawa sa damdamin at anyo nito, samantalang natuklasan naman ni Lozano (2024), sa pag-aaral sa mga piling awiting Pilipino, na nakatutulong ang dulog sa pagbibigay-kamalayan sa mga isyung panlipunan. Sa kabila nito, kakaunti pa rin ang pananaliksik na sumusuri sa aplikasyon ng cognitive poetics bilang dulog sa pagtuturo ng piling akda sa mga mag-aaral sa baitang siyam — ang puwang na sinisikap tugunan ng kasalukuyang pag-aaral.

**Balangkas na Teoretikal at Konseptuwal**


Sinasalalayan ng pag-aaral na ito ang tatlong magkakaugnay na teorya. Ipinapaliwanag ng teoryang kognitibo ni Piaget (1970) ang mental na proseso ng pagkatuto — pag-iisip, pag-unawa, at pagbuo ng kahulugan — kung saan hinihikayat ng cognitive poetics ang mag-aaral na gamitin ang sariling karanasan at pag-iisip upang makabuo ng mas makabuluhang pag-unawa sa akda. Sinusuportahan ito ng konstruktibistang pananaw ni Vygotsky (1978), na nagsasaad na ang kaalaman ay nabubuo sa pamamagitan ng interaksiyon at karanasan, at ng social learning theory ni Bandura (1977), na nagpapakita na ang pagkatuto ay nagaganap sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa kapwa at pagmamasid sa kanilang kilos at ideya. Upang higit na makontekstuwalisa ang mga teoryang ito sa pananaw ng Pilipino, iniuugnay ang mga ito sa mga konsepto ng sikolohiyang Pilipino nina Enriquez (1992), Covar (1998), at Salazar (1991), kung saan ang pag-unawa ng indibidwal ay itinuturing na hindi lamang kognitibo kundi kultural at panlipunan din, nakaugat sa kapwa, sa loob, at sa diskurso ng lipunan.

Batay sa mga teoryang ito, binubuo ng balangkas konseptuwal ng pag-aaral ang ugnayan ng banghay-aralin, worksheet, at pangkatang gawain bilang mga kagamitang pampagtuturo na naglalapat ng dulog ng cognitive poetics upang matamo ang mabisang pagtuturo ng piling akdang pampanitikan sa Filipino (ipinapakita sa Pigura 1).

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**Pigura 1. Balangkas ng PananaliksikPahayag ng Suliranin**




Naglalayon ang pag-aaral na ito na suriin ang kabisaan ng dulog ng cognitive poetics sa pagtuturo ng piling akdang pampanitikan sa Filipino sa Baitang Siyam. Partikular, sinagot ng pananaliksik ang mga sumusunod na katanungan:

1. Paano ginagamit ang dulog cognitive poetics sa pagtuturo ng piling akda sa Filipino sa Baitang Siyam batay sa: (a) cognitive deixis, (b) cognitive grammar, (c) conceptual metaphor, at (d) discourse worlds?
2. Paano ang proseso ng pagsusuri sa dulog ng cognitive poetics bilang estratehiya sa pagkatuto ng panitikang Filipino?
3. Paano nakatutulong ang dulog cognitive poetics sa pagtuturo ng piling akda sa Filipino sa Baitang Siyam?

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**PAMAMARAAN**

**Disenyo ng Pananaliksik**

Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong disenyo na may penomenolohikal na elemento, na nakatuon sa paglalarawan at pag-unawa sa karanasan ng mga mag-aaral sa pagkatuto ng panitikan gamit ang dulog ng cognitive poetics sa natural na konteksto ng silid-aralan. Ayon kina Creswell at Poth (2018), nakatuon ang penomenolohikal na pananaliksik sa paglalarawan at pagbibigay-kahulugan sa karanasan ng mga kalahok hinggil sa isang tiyak na penomena — pananaw na sinusuportahan ni Moustakas (1994), na nagsasaad na layunin nitong tukuyin ang esensya ng karanasan batay sa pananaw ng mga kalahok mismo. Piniling gamitin ang kwalitatibong pamamaraan sapagkat layunin ng pag-aaral na maunawaan at maipaliwanag nang mas malalim ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa pamamagitan ng paglalarawan, interpretasyon, at pagsusuri ng karanasan ng mga mag-aaral — hindi lamang sa pamamagitan ng numerikal na datos.

**Populasyon at mga Kalahok**

Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo ng mga mag-aaral sa Baitang Siyam mula sa limang (5) seksyon (9-Matthew, 9-Luke, 9-Exodus, 9-Job, at 9-Proverbs) at limang (5) guro mula sa Kagawaran ng Filipino ng General Emilio Aguinaldo National High School, sa panuruan taong 2025–2026. Ginamit ang convenience sampling — isang praktikal at epektibong paraan upang mapili ang mga kalahok batay sa kanilang madaling akses at pagtugon sa mga layunin ng pag-aaral — na nagbibigay-daan sa mas makatotohanang pagsusuri ng epekto ng interbensiyon sa loob ng isang tunay at umiiral na silid-aralan.

**Kasangkapan sa Pananaliksik**

Gumamit ang pag-aaral ng banghay-aralin, worksheet, output, dyornal, at talatanungan bilang pangunahing instrumento, na binalido ng mga dalubhasa at eksperto. Nagsilbing sistematikong gabay ang banghay-aralin sa pagkakasunod-sunod ng mga gawain at estratehiya sa bawat aralin, habang ang worksheet naman ay nagsilbing patnubay sa bawat pangkatang gawain, kung saan naitatala ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aanalisa bilang ebidensiya ng kabisaan ng estratehiyang ginamit.

**Paraan ng Pagkalap ng Datos**

Matapos humingi ng pahintulot mula sa punong-guro ng paaralan, itinuro ng mananaliksik ang mga aralin gamit ang banghay-aralin na nilapatan ng dulog ng cognitive poetics sa bawat pangkatang gawain, na sinusuportahan ng worksheet. Nagbigay din ng mga gawain sa dyornal upang matiyak ang pag-unawa sa aralin, na sinuri gamit ang rubrik na nakapaloob sa banghay-aralin. Bilang huling hakbang, nagsagawa ng focus group discussion (FGD) at panayam sa mga gurong nagmasid upang malaman kung paano nila naunawaan ang paggamit ng cognitive poetics sa pagtuturo ng akda. Saklaw ng pagsasagawa ang una hanggang ikalawang markahan.

**Pagsusuri ng Datos**

Sinuri ang mga datos mula sa banghay-aralin, worksheet, dyornal, at panayam gamit ang deskriptibong pagsusuri ng nilalaman. Ginamit ang rubrik upang bigyan ng puntos ang mga kasagutan sa worksheet, habang ang dyornal naman ay nagsilbing batayan ng antas ng pag-unawa ng mag-aaral ayon sa kanilang sariling pananaw. Sinuri ang panayam at FGD upang mapatunayan kung angkop sa pagkatuto ng mga mag-aaral ang mga estratehiyang ginamit. Inayos, hinambing, at sinuri ang lahat ng nakalap na datos upang matukoy ang antas ng pagkatuto at ang paglalapat ng dulog sa pagtuturo.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**Etikal na Konsiderasyon**

Sinusunod ng pananaliksik ang mga pamantayan ng etikal na pananaliksik upang matiyak ang karapatan at kapakanan ng mga kalahok. Humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa punong-guro at sa mga gurong namamahala sa mga seksiyong kasali sa pag-aaral, at nagsagawa rin ng konsultasyon sa mga magulang o tagapag-alaga. Binigyan ang mga kalahok ng informed consent form na nagpapaliwanag ng kanilang karapatang lumahok o tumanggi, kasama ang kanilang karapatang umatras anumang oras nang walang negatibong epekto sa kanilang pag-aaral. Tiniyak ang pagiging kumpidensiyal ng lahat ng datos, at anumang estratehiyang napatunayang mabisa ay ipinaalam at ipinatupad din sa kontrol na grupo matapos ang pag-aaral.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

## RESULTA AT TALAKAYAN

### 1. Ang Paggamit ng Cognitive Poetics sa Pagtuturo ng Piling Akda

Sistematikong inilapat ang apat na konsepto ng cognitive poetics — cognitive deixis, cognitive grammar, conceptual metaphor, at discourse worlds — sa banghay-aralin sa pamamagitan ng mga pag-aanalisang pangkatang gawain gamit ang nabalidong worksheet, na isinaalang-alang ang tatlong teoryang ginamit sa pag-aaral (Piaget, Vygotsky, Bandura). Kahalintulad ng natuklasan ni Bucjan (2025) hinggil sa iba't ibang dulog sa pagtuturo ng panitikan, kaiba lamang na sa kasalukuyang pag-aaral, ang tradisyonal na estratehiya sa pagtalakay ng aralin ay nilapatan ng cognitive poetics bilang bagong prinsipyo sa pagtuturo. Ipinapakita sa Talahanayan 1 hanggang 4 kung paano inilapat ang bawat konsepto sa apat na piling akda.

**Talahanayan 1. Paglalapat ng Cognitive Poetics sa Pagtuturo ng Akdang "Ang Ama"**

| Uri ng Cognitive Poetics | Paraan ng Paglalapat | Gawain/Estratehiya | Batayan ng Datos |
|---|---|---|---|
| Cognitive deixis | Tinukoy ang mga salitang kanila, nila, iyo, siya, sila, ito at iyon upang mailagay ang sarili sa pananaw ng tauhan. | Dayalogo | Worksheet, obserbasyon, dyornal |
| Cognitive grammar | Sinuri ang estruktura ng wika upang maunawaan ang kahulugan ng pahayag sa akda. | Pagsasadula | Worksheet |
| Conceptual metaphor | Iniugnay ang abstraktong ideya sa konkretong karanasan upang mabigyang-kahulugan ang simbolismo. | Spoken poetry | Replektibong sanaysay |
| Discourse worlds | Binuo ang "mundo" ng teksto batay sa konteksto ng tauhan at pangyayari. | Paint me a picture | Obserbasyon, FGD at output |

Sa worksheet 1, ipinakita ng paggamit ng dayalogo kung paano nailapat ang cognitive deixis: natukoy ng mga mag-aaral kung paano nag-iiba ang kahulugan ng pahayag batay sa pananaw, lokasyon, at konteksto ng tauhan, na nagpapatunay na ang pag-unawa sa teksto ay hindi lamang nakasalalay sa literal na kahulugan kundi sa paglipat ng perspektiba. Sa worksheet 2, sa pamamagitan ng pagsasadula at pagtukoy ng agent (tagaganap) at patient (tagatanggap), naipakita ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unawa sa relasyon ng mga tauhan, kung saan naisabuhay ang metapora sa pamamagitan ng kilos, galaw, at ekspresyon — kaayon ng pananaw ni Stockwell (2002) na ang mambabasa ay aktibong nakikilahok sa pagbuo ng kahulugan sa pamamagitan ng pagpoposisyon ng sarili sa loob ng teksto. Sa mga estratehiyang tulad ng spoken poetry at paint me a picture, malinaw namang naipakita ang aplikasyon ng conceptual metaphor at discourse worlds — hinayaan nitong maipahayag ng mga mag-aaral ang kanilang personal na interpretasyon at emosyonal na koneksiyon sa akda, at makabuo ng sariling discourse worlds batay sa sariling imahinasyon at karanasan.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**Talahanayan 2. Paglalapat ng Cognitive Poetics sa Pagtuturo ng Akdang "Elehiya para kay Kuya"**

| Uri ng Cognitive Poetics | Paraan ng Paglalapat | Gawain/Estratehiya | Batayan ng Datos |
|---|---|---|---|
| Cognitive deixis | Inilapat ang deictic expression sa iskrip. | Radio broadcasting | Worksheet, obserbasyon |
| Conceptual metaphor | Inulat ang matalinghagang salita batay sa nararamdaman kung paano mawalan ng mahal sa buhay. | TV broadcasting | Obserbasyon, output |
| Discourse worlds | Ipinakita ang dalawang mundo: mundong kasama pa ang nawala sa buhay at mundo pagkatapos ng pagkawala. | Spoken poetry | Replektibong sanaysay |
| Conceptual metaphor | Tinalakay ang aspeto ng kamatayan bilang metapora. | Infomercial | Worksheet |

Sa akdang ito, nagsilbing konkretong espasyo ang mga pangkatang gawain upang maobserbahan ang aktuwal na pag-uugali at pagbuo ng kahulugan ng mga mag-aaral. Sa pagsulat ng iskrip para sa radio broadcasting, hindi lamang nakilala ng mga mag-aaral ang deixis kundi naunawaan din nila ang epekto nito sa kahulugan at emosyon ng pahayag. Sa pagbuo ng infomercial, ginamit ng mga mag-aaral ang metapora upang iugnay ang sariling karanasan (hal., pagkawala ng mahal sa buhay) sa akda, kaugnay ng natuklasan ni Kövecses (2020) na ang kahulugan ng wika, lalo na sa panitikan, ay nabubuo sa pamamagitan ng conceptual metaphors na nakaugat sa karanasan ng tao. Sa TV broadcasting, ipinakita ng mga mag-aaral kung paano isasalin ang literal na karanasan tungo sa damdaming inihahatid — natuklasan ding katugma ng kina Majeed at Al-Saadi (2020) na nakatutulong ang cognitive poetic approach sa mas malalim at masining na interpretasyon ng panitikan. Sa spoken poetry, nakabuo ang mga mag-aaral ng sariling discourse worlds sa pamamagitan ng paglikha ng linyang hindi direktang mula sa akda, na naglalarawan ng buhay bago at pagkatapos ng pagkawala.

**Talahanayan 3. Paglalapat ng Cognitive Poetics sa Pagtuturo ng Akdang "Kultura: Pamana ng Kahapon, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan"**

| Uri ng Cognitive Poetics | Paraan ng Paglalapat | Gawain/Estratehiya | Batayan ng Datos |
|---|---|---|---|
| Conceptual metaphor | Pagguhit ng larawan bilang simbolo. | Picture analysis | Worksheet, obserbasyon |
| Discourse worlds | Nilapat sa concept map gamit ang Venn diagram. | Venn diagram | Worksheet |

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

| Uri ng Cognitive Poetics | Paraan ng Paglalapat | Gawain/Estratehiya | Batayan ng Datos |
|---|---|---|---|
| Cognitive deixis | Pagsulat ng eksena at pagtukoy kung sino ang nagsasalita, kanino, at sa anong panahon naganap. | Skit/Maikling pagsasadula | Replektibong sanaysay, obserbasyon |
| Cognitive grammar | Inilapat sa simbolikong salita ng tula upang matukoy ang tagaganap (agent) at tagatanggap (patient). | Sabayang pagbasa | Obserbasyon, FGD at worksheet |

Sa unang pangkat, ipinakita ng picture analysis na nakagagawa ang mga mag-aaral ng biswal na representasyon para sa abstraktong konsepto — hindi lamang sila gumuguhit kundi nag-oorganisa rin ng ideya at kahulugan sa pamamagitan ng simbolo. Sa ikalawang pangkat, ginamit ang Venn diagram upang ihambing ang nakaraan at kasalukuyan gamit ang sariling karanasan, na nagpapalalim sa pag-unawa sa kultura bilang dinamiko. Sa ikatlong pangkat, ipinakita ng skit ang paggamit ng cognitive deixis sa pagpoposisyon ng sarili at ng tauhan sa loob ng teksto, na nangangailangan ng pagsasama ng wika, konteksto, at pananaw. Sa ikaapat na pangkat, ang pagtukoy sa agent at patient sa mga simbolikong salita ay nagpakita ng pag-unawa sa istruktura ng kahulugan — mahalagang elemento ng cognitive grammar.

**Talahanayan 4. Paglalapat ng Cognitive Poetics sa Pagtuturo ng Akdang "Ang Hatol ng Kuneho"**

| Uri ng Cognitive Poetics | Paraan ng Paglalapat | Gawain/Estratehiya | Batayan ng Datos |
|---|---|---|---|
| Cognitive deixis | Pagtukoy kung sino ang nagsasalita, sino ang may kapangyarihan, at sino ang hindi naririnig. | Role mapping | Worksheet, obserbasyon |
| Conceptual metaphor | Inilapat sa simbolikong kahulugan ang mga tauhan. | Pagsusuring-basa | Worksheet |
| Discourse worlds | Pagpili ng kulay na magsisilbing mundo ng emosyon, kapangyarihan, o papel ng bawat tauhan. | Color symbolism mapping | Obserbasyon, output |
| Cognitive grammar | Inilapat sa mga tagpo o eksena sa akda. | Dayalogo | Worksheet |

Sa unang pangkat, gamit ang role mapping na may maskara, hindi lamang tinukoy ng mga mag-aaral kung sino ang nagsasalita kundi pati kung sino ang may kapangyarihang magsalaysay at sino ang naiiwan sa gilid — nagkaroon sila ng kritikal na kamalayan sa boses at kapangyarihan sa loob ng teksto, kaugnay ng pananaw ni Stockwell (2002) na nakasalalay ang pag-unawa sa pagpoposisyon ng mambabasa sa loob ng teksto. Sa ikalawang pangkat, ipinakita ng pagsusuring-basa ang kakayahang iangat ang tauhan mula sa literal tungo sa simbolikong

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

antas. Sa ikatlong pangkat, sa pamamagitan ng color symbolism mapping, lumampas ang mga mag-aaral sa aktuwal na teksto at bumuo ng iba't ibang posibleng resolusyon, na nagpalakas ng kanilang imahinasyon at mapanuring pag-iisip. Sa ikaapat na pangkat, sa pamamagitan ng dayalogo at pagtukoy ng agent at patient, naunawaan ng mga mag-aaral ang ugnayan ng kilos at kahulugan sa loob ng teksto.

Sa kabuuan, nagpapakita ang mga natuklasan na naging epektibong daluyan ng aktibong pagbuo ng kahulugan ang dulog ng cognitive poetics: hindi lamang tumatanggap ng impormasyon ang mga mag-aaral kundi aktibo ring bumubuo ng kahulugan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng teksto, karanasan, at kognitibong proseso.

**2. Ang Proseso ng Pagsusuri sa Dulog Cognitive Poetics bilang Estratehiya sa Pagkatuto**

Bukod sa worksheet, ginamitan ng mga replektibong gawain — kabilang ang dyornal — ang pagsusuri sa dulog ng cognitive poetics upang mapalitaw ang saloobin at pananaw ng mga mag-aaral, batayan kung naging mabisa ang estratehiyang ginamit. Kaayon ito ng natuklasan nina Keshavarz at Bahrami (2023), na ang reflection-supported learning sa pagsusulat ay nagdudulot ng mas positibong saloobin at aktibong partisipasyon, at nina Smith at Brown (2022), na natagpuan sa larangan ng edukasyong pang-nursing na ang reflective writing ay nakatutulong sa mga mag-aaral na linawin ang kanilang pag-iisip at mailabas ang kanilang damdamin sa ligtas na paraan.

**Talahanayan 5. Epekto ng Dulog Cognitive Poetics sa Saloobin ng mga Mag-aaral**

| Saloobin | Replektibong Gawain | Resulta |
|---|---|---|
| Nakadarama ng kapayapaan sa pag-uugnay ng sariling karanasan | Role mapping, dyornal, pangkatang talakayan | Nakaugnay ang tema at damdamin ng tauhan sa sariling karanasan at realidad ng mag-aaral; lumalim ang pag-unawa sa akda |
| Nakaramdam ng kasiyahan at pananabik sa paglikha ng gawain | Spoken poetry, broadcasting, pagsasadula, skit | Nagpapakita ng malikhaing interpretasyon at pagpapahayag; nadama ang pagiging masining sa binasa |
| Nakaramdam ng empatiya at kalungkutan | Dayalogo, pangkatang pagbabahagi ng karanasan | Nakabuo ng personal na koneksiyon sa tauhan at tema; naipahayag ang sariling damdamin at karanasan |

Sa dyornal at pangkatang talakayan batay sa tema, malayang nagbahagi ng personal na karanasan ang mga mag-aaral na may kaugnayan sa akda, na nagbigay-daan sa pagpapahayag ng damdamin at pagproseso ng emosyon. Sa aspeto ng masining na pagpapahayag naman — sa pamamagitan ng skit, broadcasting, at spoken poetry — nabuo ang personal na koneksiyon sa tauhan at tema, kung saan napapalalim ang kakayahang umunawa at pamahalaan ang damdamin. Halimbawa, sa akdang "Elehiya para kay Kuya," naging mabisa ang paglalapat ng discourse worlds sapagkat nabigyang-daan ang mga mag-aaral na pumasok sa mundo kung saan kapiling pa nila ang mahal sa buhay at sa mundo na wala na ito — karanasang nagbigay-daan sa kanila upang maunawaan kung paano maging matatag sa hamon ng buhay. Sa akdang "Ang Ama" naman, ang paghahambing ng kanilang sagot sa nagaganap sa akda ay nagresulta sa katapatan sa pagbabahagi ng sariling karanasan — pagkilala sa takot, sakit, at galit, subalit natapos sa pag-unawa sa kahinaan ng isang ama at sa pagpapatawad.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**3. Ang Dulog Cognitive Poetics bilang Tulong sa Pagtuturo ng Piling Akda**

Upang patibayin ang mga natuklasan mula sa banghay-aralin at worksheet, nagsagawa ng focus group discussion (FGD) at panayam sa mga gurong nagmasid, katulad ng ginawa ni Romm (2013) upang mailahad ng mga guro ang kanilang pananaw at karanasan hinggil sa isang interbensiyong pang-edukasyon.

**Talahanayan 6. Buod ng Focus Group Discussion sa mga Gurong Nagmasid**

| Tema | Halimbawang Pahayag ng Guro | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Aktibong pakikilahok | "Napansin ko na mas aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan… lalo na sa pagsasadula. Naramdaman mo na tunay nilang naunawaan ang damdamin ng tauhan." (G1) | Nag-uudyok ng engagement at mas mataas na pag-unawa sa tauhan at akda ang pangkatang gawain at replektibong aktibidad. |
| Pagpapahayag ng emosyon | "Ang broadcasting at spoken poetry ay parang nagbigay ng outlet sa kanila para mailabas ang damdamin… mas naging confident." (G2) | Nakatutulong sa pagbuo ng self-confidence at emotional awareness, mahalaga sa mental health ng mag-aaral. |
| Personal na koneksiyon sa tauhan | "Marami sa kanila ang nag-reflect sa kanilang sariling karanasan at na-relate ang mga eksena sa buhay nila… Nakakatulong ito sa kanilang emotional awareness." (G3) | Nagpapalalim ng interpretasyon at nagpapalakas ng empatiya ang repleksiyon at personal na koneksiyon. |
| Kabuuang bisa | "Epektibo ito lalo na sa holistic development ng mag-aaral intellectually, socially, at emotionally… nakakabuo sila ng confidence at mental resilience." (G3) | Hindi lamang nakatutok sa intelektuwal na pagkatuto kundi sa social-emotional growth at mental health. |

Kinumpirma ng mga natuklasan mula sa panayam na nagpapalalim ang dulog ng cognitive poetics sa pag-unawa ng mag-aaral, nagpapataas ng partisipasyon sa klase, at nagtataguyod ng personal na koneksiyon sa akda na may kalakip na emosyonal at kognitibong pag-unlad. Ayon sa mga guro, natutong tukuyin ng mga mag-aaral hindi lamang ang nangyari sa akda kundi ang nais nitong iparating, na iniuugnay nila sa sariling karanasan. Ipinakita rin ng mga obserbasyon na naging mas bukas ang mga mag-aaral sa pakikilahok — kahit ang mga mahiyain sa simula — at kusang nag-ambag ng ideya sa pamamagitan ng kritikal at mapanuring pag-iisip.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

JASDG
JOURNAL FOR THE ADVANCEMENT OF SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
Advancing Knowledge. Inspiring Innovation. Achieving the SDGs.
AN INTERNATIONAL, PEER-REVIEWED, OPEN ACCESS JOURNAL
www.jasdg.com
Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

## KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

### Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, epektibo at makabuluhan ang paggamit ng dulog cognitive poetics sa pagtuturo ng piling akda sa Filipino sa Baitang Siyam. Sa pamamagitan ng banghay-aralin at pangkatang gawaing sinusuportahan ng nabalidong worksheet, nabigyan ang mga mag-aaral ng pagkakataong masusing suriin ang akda gamit ang mga konsepto ng cognitive deixis, cognitive grammar, conceptual metaphor, at discourse worlds — nagbunga ito ng mas malinaw na pag-unawa sa pananaw ng mga tauhan, sa ugnayan ng mga pangyayari, sa kahulugan ng mga metapora, at sa kontekstong panlipunan at emosyonal ng akda. Pinagtibay ng mga replektibong gawain, dyornal, FGD, at panayam ang naging positibong epekto ng dulog: nagresulta ito ng mas mataas na antas ng partisipasyon, nagbigay-daan sa personal at makabuluhang koneksiyon sa akda, at nagbunsod ng holistikong pag-unlad ng mga mag-aaral — kognitibo man o emosyonal. Sa madaling sabi, hindi lamang nakatuon sa intelektuwal na pagkatuto ang integrasyon ng cognitive poetics sa pagtuturo ng panitikan, kundi sa social-emotional growth at pagpapahalaga rin sa panitikan bilang daluyan ng kamalayang panlipunan at kultural.

### Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan, iminumungkahi ng pag-aaral ang mga sumusunod:

**Para sa mga guro.** Isama sa pagtuturo ang worksheet at replektibong sanaysay na nilapatan ng dulog ng cognitive poetics. Turuan ang mga mag-aaral na tukuyin ang pananaw ng bawat tauhan gamit ang cognitive deixis sa pamamagitan ng talaarawan at kuwentong unang panauhan; ilapat ang cognitive grammar sa sentence mapping o tagging exercises; gumawa ng visual metaphor o infographics para sa conceptual metaphor; at magsagawa ng group discussion o scenario simulation para sa discourse worlds. Higit sa lahat, gamitin ang mga gawaing ito upang gabayan ang mga mag-aaral at maiwasan ang labis na paggamit ng AI o Google sa pagsusuri ng akda.

**Para sa administrasyon ng paaralan.** Mag-organisa ng palihan o Learning Action Cell (LAC) tungkol sa dulog cognitive poetics; gumawa ng manual o guidebook ng karagdagang estratehiya; at itaguyod ang isang school-wide program na nag-iintegreyt ng cognitive poetics sa iba pang asignatura o sa mga programa sa pagbasa ng paaralan.

**Para sa mga kapwa mananaliksik.** Gamitin ang pag-aaral na ito bilang batayan, at isaalang-alang ang paggamit ng mixed-method na disenyo — pagsasama ng kwalitatibo at kwantitatibong pamamaraan — upang mas malinaw na masukat ang epekto ng dulog cognitive poetics sa iba pang antas at konteksto.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

**MGA SANGGUNIAN**

Albayrak, Y., Aydın, N., & Bakır, S. (2025). The effect of literature experience of language education teachers on their professional goals and expectations. Frontiers in Psychology, 16, 1702445. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2025.1702445

Bandura, A. (1977). Social learning theory. Prentice Hall.

Bucjan, E. R. (2025, March 10). Mga dulog sa pagtuturo ng panitikan: Isang pag-aaral sa kahandaan ng mga guro. EPRA Journals. https://eprajournals.com/IJMR/article/15277

Chua, U. C. (2023). Profiling low-proficiency science students in the Philippines using machine learning. Humanities and Social Sciences Communications, 10(1), 1–2.

Covar, P. R. (1998). Larangan: Seminal essays on Philippine culture. National Commission for Culture and the Arts.

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). Sage Publications.

Department of Education. (2020). Most essential learning competencies. https://www.deped.gov.ph

Deti, T., & Abera, H. (2023). The effect of reflection-supported learning of writing on students' writing attitudes and writing achievement goal orientations. SFL Education, 4, Article 8.

Enriquez, V. G. (1992). From colonial to liberation psychology: The Philippine experience. University of the Philippines Press.

Erten, İ. H., & Razı, S. (2009). The effects of cultural familiarity on reading comprehension. Reading in a Foreign Language, 21(1), 60–77. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ838389.pdf

Fauzia, N., Anam, S., & Nugroho, H. A. (2025). EFL teachers' narrative pedagogy to cultivate EFL learners' critical thinking skills and narrative writing development. Forum for Linguistic Studies, 7(6), 482–493. https://doi.org/10.30564/fls.v7i6.9395

Genç-Ersoy, B. (2020). Stakeholder views on early literacy and reading and writing acquisition in the preschool period. Journal of Qualitative Research in Education, 9(25). https://doi.org/10.14689/enad.25.11

Gibbs, R. W. (2021). Metaphor wars: Conceptual metaphors in human life. Cambridge University Press.

Heguerra, A., & Cacho, R. (2022). Comprehension concerns: Signs and signals for improving a school-based reading intervention. The Normal Lights, 16(2). https://doi.org/10.56278/tnl.v16i2.1724

Keshavarz, M., & Bahrami, H. (2023). Reflection-supported learning of writing: Effects on students' attitudes and engagement. SFL Education, 1(8).

Kintsch, W. (2021). Comprehension: A paradigm for cognition (Updated ed.). Cambridge University Press.

Kövecses, Z. (2020). Extended conceptual metaphor theory. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/9781108859127

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.

Volume 1 Issue 3 Pages 1929-1941

Lozano, J. J. (2024). Pagdalumat sa mga piling awiting Pilipino nakapaloob sa apat na dekada gamit ang cognitive poetics.

List, A., Campos Oaxaca, G. S., Du, H., Lee, H. Y., & Lyu, B. (2024). Critical culturalized comprehension: Exploring culture as learners thinking about texts. Educational Psychologist, 59(1), 1–19.

Majeed, N. T., & Al-Saadi, S. K. (2020). A cognitive poetic schema interpretation of selected poems by EFL university students. Journal of Tikrit University for Humanities, 27(6), 1–21. https://jtuh.org/index.php/jtuh/article/view/1009

Mendoza, M. L. (2025). Pagsusuri sa kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng replektibong sanaysay. Mountain Journal of Science and Interdisciplinary Research, 85(2), 83–97.

Miall, D. S. (2022). Enacting the other: Towards an aesthetics of feeling in literary reading. In E. Schellekens & P. Goldie (Eds.), The aesthetic mind: Philosophy and psychology (pp. 285–298). Oxford University Press.

Moustakas, C. (1994). Phenomenological research methods. Sage Publications.

Ocampo, D., & Pado, F. (2021). Reading instruction and literacy development in the Philippines. Issues in Educational Research, 31(3), 859–876.

Piaget, J. (1970). Science of education and the psychology of the child. Orion Press.

Philippine Statistics Authority. (2020). Functional literacy, education and mass media survey (FLEMMS) 2019 final results.

Romm, N. R. A. (2013). Employing questionnaires in terms of a constructivist epistemological stance: Reconsidering researchers' involvement in the unfolding of social life. International Journal of Qualitative Methods, 12(1), 263–280. https://doi.org/10.1177/160940691301200136

Salazar, Z. A. (1991). Ang pantayong pananaw bilang diskursong pangkasaysayan. Palimbagan ng Lahi.

Sario, M. B. (2022). Programang GAP interbensiyon sa makrong kasanayan. Mataas na Paaralan ng Lorenzo S. Sarmiento Sr., Mawab, Davao de Oro (pp. 22–50).

Smith, J., & Brown, L. (2022). Reflective writing in nursing education: Clarifying thinking and fostering self-expression. Nurse Education Today, 108, 105198.

Stockwell, P. (2002). Cognitive poetics: An introduction. Routledge.

Villafuerte, P. (1990). Kultura: Ang pamana ng nakaraan, regalo ng kasalukuyan at buhay ng kinabukasan. https://www.studocu.com/ph/document/notre-dame-of-kidapawan-college/filipino-education/kultura-ni-pat-villafuerte/72832027

Villanueva, J. M. (2022). Language profile, metacognitive reading strategies, and reading comprehension performance among college students. Cogent Education, 9(1). https://doi.org/10.1080/2331186x.2022.2061683

Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: The development of higher psychological processes. Harvard University Press.

© 2026 Advancing SDG Impact. All rights reserved.